



Mga Katotohanan sa Bakuna sa COVID-19: Pagdadalang-tao at Pagpapasuso



BAKIT KAILANGANG MAGPABAKUNA PARA SA COVID-19

- **Ang pagpapabakuna ay ang PINAKAMAHUSAY na paraan para protektahan ang iyong bagong panganak mula sa malubhang mga problema mula sa COVID-19.** Kapag ikaw ay nabakunahan, naipapasa mo ang iyong pamprotektang panlaban ng katawan (antibodies) sa iyong sanggol sa sinapupunan. Ipinanganganak ang iyong sanggol na may ilang proteksyon laban sa COVID-19.
- **Pinabababa ng pagpapabakuna ang iyong panganib na magkasakit ng malubha sa COVID-19 habang nagdadalang-tao.** Ang mga nagbubuntis na taong may COVID-19 ay mas malamang na lubhang magkasakit at mahospital o manganak nang maaga.



Ang mga bakuna ay inirerekomenda sa panahon ng pagdadalangtao at pagpapasuso ng bawat pangunahing organisasyon sa kalusugan ng ina (maternal health).

KAILAN MAGPAPABAKUNA

- Maaari kang magpabakuna, kabilang ang pampalakas na bakuna (booster), sa anumang yugto ng pagdadalang-tao o kapag ikaw ay nagpapasuso.
- **Mahalagang kumuha ng binagong (bivalent) pampalakas na bakuna (booster)** kung hindi na bababa sa 2 buwan pagkatapos ng iyong huling dosis ng pangunahing serye o pampalakas na bakuna (booster).
- Makakakuha ka ng iba pang mga bakuna, kabilang ang para sa lagnat at Tdap, ng sabay sabay.

Tingnan ang ph.lacounty.gov/covidvaccineschedules para sa mga detalye.



BAKIT LIGHTAS ANG BAKUNA PARA SA MGA TAONG NAGDADALANG-TAO

- Ang mga pag-aaral at pagsusubaybay sa kaligtasan sa maraming tao na nabakunahan habang sila ay nagdadalang-tao ay nagpapakita ng walang pagtaas ng panganib sa mga komplikasyon ng pagdadalang-tao o mga depekto sa kapanganakan.
- Wala sa mga bakuna sa COVID-19 ang naglalaman ng buhay na virus. Ang mga bakuna ay hindi makapagbibigay ng COVID-19 sa iyo o sa iyong sanggol.



Kung mayroon kang mga tanong, makipag-usap sa iyong doktor. Maaari mo ring tawagan ang 1-866-626-6847, i-text ang 855.999.8525, i-e-mail ang ContactUs@mothertobaby.org o pasimulan ang isang pakikipag-usap (chat) sa mothertobaby.org/ask-an-expert.

LIBRE ANG MGA BAKUNA PARA SA LAHAT - kahit na wala kang seguro (insurance)

Hindi ka tatanungin tungkol sa iyong katayuan sa imigrasyon. Maraming mga lugar na bukas tuwing Sabado at Linggo at gabi na hindi na kailangan ng tipanan (appointment). Para makahanap ng lokasyon:

- Bisitahin ang ph.lacounty.gov/howtogetvaccinated o tawagan ang **1-833-540-0473**, 8am - 8:30pm.
- Maaari mong tawagan ang 2-1-1 o tanungin ang iyong doktor o lokal na parmasyutiko.
- Ang libreng transportasyon at pagpapabakuna sa bahay ay magagamit rin.